# *Rambeng*: Isang Natatanging Uri ng Pag-aasawa ng mga Manuvu at ang Impluwensiya ng Bagong Panahon

*Rodello D. Pepito* [1]
*ORCID No. 0000-0003-3238-9017*

*Liza B. Yambagon* [1]
*ORCID No. 0000-0003-1365-8242*

*Judith C. Singcolan* [1]
*ORCID No. 0000-0002-9501-0126*

## Abstrak

Ang pananaliksik na ito ay naglalayon na mapaunawa sa bawat mamamayang Pilipino ang tungkol sa mga di-materyal na kultura ng Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon. Nakatuon ito sa natatanging uri ng pag-aasawa na unti-unti ng nawawala sa paaglipas ng panahon. Tiniyak din na masagot ang mga sumusunod na katanungan: (1) Ano ang natatanging uri ng pag-aasawa ng mga Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon?; (2) Ano-ano ang proseso sa uri ng pag-aasawa ng mga Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon?; at (3) Ano ang impluwensiya ng bagong panahon sa uri ng pag-aasawa ng mga Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon? Ginamitan ng indehinus at deskriptibong paraan ang pananaliksik upang maanalisa, at mailahad ang bunga ng saliksik na dumaan sa pakikipanayam at istraktyurd na interaksyong berbal sa komunidad ng mga Manuvu para sa pangangalap ng mga datos. Pinili ang mga kalahok na ito sapagkat napabilang sa pitong tribu ng Bukidnon ang mga Manuvu na may mga natatanging uri ng pag-aasawa. Mula sa pagsusuri, natuklasan na ang natatanging uri ng pag-aasawa ng Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon ay tinatawag na *rambeng*. Nalaman din na ang *rambeng* ay may kakaibang proseso ng paghahanda ng mga katutubong Manuvu. Kung tutuusin, ang *rambeng* o kasal ng mga Manuvu ay kadalasang may mga kasunduan sa pagitan ng mga magulang ng bawat panig na nasa anyong *ginsa* (pakiusap), *kagun* (bridewealth), at *apa* (handaan ng kasal). Natuklasan din ang proseso ng pagkakasal na ito ng mga Manuvu ay naimpluwensiyahan na ng makabagong panahon simula nang makapag-aral ang ilang mga katutubo na namulat sa makabagong paraan ng pag-aasawa lalo na sa mga batas na ipinatupad para sa kababaihan at kabataan (VAWC) at sa makabagong paraan ng pag-aasawa na kanilang nakikita sa lipunan maging sa sosyal medya. Ngunit, may iilan pa ring mga katutubong Manuvu ang sumusunod sa kanilang kaugalian ng pag-aasawa. Napaglalahat na ang *rambeng* ay isa sa mga tanging uri ng pag-aasawa ng mga katutubong Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon na sinusunod ng ilang katutubo bilang bahagi ng kanilang kultura sa kabila ng pagbabago ng panahon. Nawa ay maisadokumento ang mga natatanging kulturang ito upang maipreserba at maibahahagi pa sa susunod na henerasyon bilang bahagi ng panitikang Bukidnon.

*Mga susing-salita:* Apa, *ginsa, kagun, Manuvu, rambeng*

[1] Bukidnon State University

Ang bawat indibidwal ayon kay Hufana et' al. (2018) ay may natatanging katangian at kaugalian na ikinaiba niya sa ibang indibidwal. May sarili siyang gawi at kaparaanan para mabuhay niya ang kanyang sarili. Natututo siyang makikisalamuha sa iba gamit ang kanyang wika at sariling paraan ng pakikitungo sa iba. Kultura ang nagpakilala sa kanya bilang tao upang mabuhay sa mundong ibabaw. Ang lahat ay tungkol sa paniniwala at bawat kilos niya ay kultura. Mula sa pagkasilang ng isang indibidwal ay kasapi na siya sa komplikadong sosyal na grupo. Kasangkot na siya sa lipunan ng kanyang pamilya, sa daigdig ng kanyang mga kalaro, at sa malawak na tatahakin ng buhay kasama ang kanyang kapitbahay.

Ang kultura ay nagsisilbi ring pagkakakilanlan ng isang lugar. Nabubuo ang kultura upang tugunan ang mga pangangailangan ng indibidwal sa isang partikular na lugar dahil ang bawat rehiyon ay may sariling pangangailangan, nag-iiba ang mga kilos at gawi kumpara sa iba. Ayon kay Carlo (2018), ang kultura ay kabuoan ng pinagsamang pananaw ng tao sa kanilang lipunan. Nakapaloob sa pananaw ang koleksyon ng mga kaugalian, nakasanayan, paniniwala, at tradisyon. Maaring ang mga pananaw ay pamana ng naunang henerasyon na naisalin sa kasalukuyan. Tumutukoy rin ang kultura sa paraan ng pamumuhay ng tao. Nagbibigay ng kahulugan at paglalarawan sa lipunang ginagalawan. Dagdag pa, nagsisilbing batayan ng kilos at gawi ng tao. Sa isang lipunan, tumutulong ang kultura sa pagbibigay ng katwiran kung ano ang kaibahan ng tama sa mali, at mabuti sa masama. Dagdag pa ni Carlos (2018), ang kultura ay nauuri sa materyal at hindi materyal. Ang materyal na kultura ay mga bagay na makikita sa iyong paligid, mga bagay na nilikha at nahahawakan. Ilang halimbawa ay mga gusali, arkitektura, likhang sining, kasuotan, kagamitan, at iba pa. Maaaring sasabihin na ang pagkain ay isang materyal na kultura sapagkat nagpapakita ng paniniwala ang mismong kultura ng isang grupo ng tao. Ang hindi materyal na kultura ay mga bagay na hindi nahahawakan ngunit maaaring maramdaman at maobserbahan sa paligid kabilang ang mga ideya, paniniwala, batas, kaugalian, at norms ng isang lupon ng tao. Isa sa mga halimbawa ng di-materyal na kultura ay ang kasal o ang pag-aasawa.

Ang kasal o pag-aasawa ayon kay Falceso (2017) ay isa sa mahahalagang bagay sa mga Katoliko na nanampalataya partikular sa mga Pilipino. Mayroon silang isang natatanging hanay ng mga bagay na ginagawa nila sa pag-aasawa na nagsasabi na ito ay bukod sa iba pang kultura, paniniwala at valyus. Sapagkat noong unang panahon, isang panlipi na pari ang nagkakasal sa mga ikakasal. Ang seremonya ay karaniwang ginaganap sa tribal na bahay. Isang indikasyon ng isang opisyal na pag-aasawa ay kapag ang ikakasal ay may kurdon sa kanilang leeg at kamay. Ang kasal sa Pilipinas ay nagsisimula sa pamamagitan ng pormal na pagtatanong sa mga magulang ng babae para sa kanyang mga kamay. Ito ay isang tradisyon na simbolo ng pagkakaisa ng dalawang mga pamilya at pagtanggap ng magkabilang panig. Sa Pilipinas, hindi payagan ng gobyerno ang diborsiyo. Ito ay kumakatawan sa kung gaano sumusunod ang Pilipinas sa mga aral ng simbahang Katoliko. Ito ay may isang malaking impluwensiya sa mamamayang Pilipino at patuloy na tradisyon.

Ang tradisyon na ito ay isang obligasyon. Ayon kay Acosta (2020), ang pag-aasawa ay malaking obligasyon sapagkat ang lahat ng magaganap sa loob ng matrimonya o kasal ay dapat sumusunod at naaayon sa batas. Mula sa pagpapakasal hanggang sa ito ay magtapos ay mayroong itinatakda ang

batas na marapat na susundin. Malinaw na isinasaad sa Executive Order 209 o mas kilala sa titulong Family Code of the Philippines, kung saan nakatala ang lahat ng tungkulin at obligasyon ng mag-asawa na binanggit sa Artikulo 68-69 na ang mag-asawa ay obligadong magkasama, magmamahalan, magalang, matapat, magtutulungan at magsusuportahan sa isa't isa, may katamtaman at simpleng tahanan. Kung hindi magkakaunawaan, ang hukuman na ang magdedesisyon o magpapasya. Maaaring isaalang-alang ng hukuman ang isang asawa na manirahan sa kabilang bahay kung ang isa ay dapat manirahan sa ibang bansa o may iba pang mga balido at mapilit na dahilan ayon sa katuparan ng batas. Gayunpaman, ang naturang pagpapatupad ng batas ay hindi dapat iakma o gamitin kung ang mag-asawa ay walang pagkakaisa ng pamilya.

Mapapansin sa probisyon ang tungkulin ng mag-asawa na magsasama sa isang bubong, maging tapat, at magbigayan ng tulong at magsuporta ang bawat isa. Ang obligasyon na ito ay maaaring hindi magagampanan ng asawa kung ang kanyang trabaho ay malayo sa tahanan. Marami sa mga Pilipino ay nagtatrabaho sa ibang bansa (ang ilang 43,000 overseas Filipino Workers (OFWs) ay nakabalik sa bansa dahil sa krisis sanhi ng COVID-19 ang natulungang makauwi sa kani-kanilang probinsiya, ayon sa Overseas Workers Welfare Administration (OWWA). Kaya naman, sila ay nalalayo sa kani-kanilang pamilya. Hindi ito nangangahulugang sila ay hindi tumutupad sa kanilang obligasyon sa pamilya at sa kanilang asawa. Kinakailangan lamang nilang umalis pansamantala upang magtrabaho at makapagbigay-suportang pinansiyal sa kanilang pamilya. Dagdag pa ni Acosta (2020), sa mga sandaling malayo sila ay inaaasahan na sila ay mananatili pa ring tapat sa kanilang pamilya at sa pagtupad ng kanilang tungkulin, sapagkat ang anumang paglabag sa mga responsibilidad sa pamilya ay mayroong kaakibat na kasong kakaharapin. Ito ay bunsod ng pagtupad sa hangarin ng batas na pag-isahin at patatagin ang pamilya bilang pangunahing institusyon ng estado.

Ayon kay Jeremaya (2017), marami ang nag-aasawa dahil sa sila ay nangungulila at ayaw na nila nang sila ay mabuhay na mag-isa. Ang ganitong katotohanan sa buhay ay hindi lingid sa mga matandang dalaga at nagpasya na mag-asawa na. Para bang sagot sa kalungkutan ang pag-aasawa dahil mawawala na ang kalungkutan. Malalahat na ang pagtakas sa malungkot na buhay ay nasa pag-asawa. Ngunit, may mga pagkakataong kahit pala mag-asawa ay naroroon pa rin ang lungkot sa pag-iisa at pangungulila sapagkat natural lamang na ang sinumang makakasalamuha ng indibidwal na sa kalaunan ay makakabuo ng relasyon sa sinumang nanaising makakasama habambuhay. Tulad ng mga magulang na pinakamamahal na sa pagsapit ng pag-aasawa ay nakakaulila talaga kung bumukod na ang isa't isa.

Tunay na malaking hamon ang pagbuo ng pananaliksik sa mga katutubong kultura upang mapangalagaan at mapanatili ang pagpapahalaga sa mga kultura at paniniwala ng mga katutubo. Ang katutubong Manuvu ay isa sa pitong tribu ng Bukidnon na naging pokus ng pananaliksik na sadyang ginawa upang hindi malilimutan ang kanilang kultura bagkus ay maipamana ito sa mga susunod na salinlahi. Ang pagsasatitik ng kultura na mula sa bibig ng mga ninunong katutubo ay nagpapahalaga sa kaugalian at paniniwalang nakapaloob sa mga pamatbat ng mga matatanda ng tribu. Kung kaya, ang saliksik na ito ay may malaking ambag sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng kultura ng mga Manuvu, at sa mga Pilipino sa pangkalahatan.

**Balangkas Konseptuwal**

Inilahad sa bahaging ito ang kabuuang konsepto kung bakit ginawa ang pananaliksik. Ang mga konseptong ito ay naglalarawan ukol sa panitikan, kultura, mga Saligang Batas, kultural na pananaliksik, at ang kultura ng Manuvu na siyang pinakapaksa ng kasalukuyang pananaliksik lalo na ang isa sa mga uri ng kasal ng kanilang tribu. Kung kaya't iniisa-isa sa bahaging ito upang palitawin ang kabuuang sangkap ng pananaliksik.

Mahalagang mapag-aralan ang kanilang panitikan at kulturang pinakaiingatan ng mga ninuno upang maipamana at maipamalas sa bagong henerasyon na katutubo. Gayundin, ang pananaliksik ay nakabatay sa Saligang Batas ng Pilipinas na Artikulo XIV seksiyon 14-18 na ipinalimbag ng Linangan ng mga Wika sa Pilipinas noong 1991 ay naglalahad ukol sa mga sining, at kultura na ang estado ay dapat magtaguyod sa pagpapangalaga, pagpapayaman at dinamikong ebolusyon ng isang pambansang kulturang Pilipino salig sa simulaing pagkakaisa sa pagkakaiba-iba sa kaligirang malaya, artistiko at intelektwal na pagpapahayag; dapat ding patangkilik ng estado ang mga likhang sining katulad ng panitikan at dapat ding mapapangalaan, maitataguyod, at maipalaganap ang pamanang pangkasaysayan, pangkultura at ang mga likha at mga kayamanang batis artistiko ng bansang Pilipinas; dapat ding ang lahat ng mga kayamanang pansining at pangkasaysayan ng ating bansang Pilipinas ay makagawa at makabuo ng kayamanang pangkultura na dapat mapangangalagaan na maaaring magregula sa mga disposisyon; dapat ding makikilala, maigagalang, at mapangangalagaan ang mga karapatan ng mga katutubong pamayanang pangkultura upang mapapanatili at mapapayaman ang kani-kanilang kultura, tradisyon, at institusyon; dapat maisaalang-alang ang mga karapatang na mababanghay at mabalangkas ang mga pambansang plano at mga patakaran; dapat ding masisiguro ang pantay na pagkakamit ng mga pagkakataong kultural sa pamamagitan ng masistemang edukasyon, pagkakilanlan ng kultura sa mga publiko at pribado, at mga iskolarsyip, mga kaloob at iba pang mga insentibo, at mga pampamayanang sentrong kultural at iba pang mga tanghalang pangmadla, at pasiglahin at tatangkilikin ang mga pananaliksik at pag-aaral tungkol sa mga sining at kultura.

Kung tutuusin, hindi maiiwasan na kapag kultura ang pag-aaralan ay mababanggit din ang panitikan bilang mga panulat na nagpapahayag ng mga karanasan, damdamin, kaisipan, o kwento ng isang tao (Ghaz, 2019). Ito ay maaring batay sa katotohanan o gawa-gawa lamang para sa isang layunin na nagpapahayag ng mga karanasan, damdamin, kaisipan, o kwento ng isang tao. Ito ay maaring batay sa katotohanan o gawa-gawa lamang para sa isang layunin sapagkat ang panitikan ay buhay, at pamumuhay, kultura, tradisyon, kabihasnan at kaugalian ng mga tao sa kanilang panahon. Mahalagang matunton ang pinagmulan at mabatid ang kanilang buhay at pamumuhay kasama ang impluwensyang panlipunan upang lubos na maunawaan. Kasama na rito ang pagpapatibay sa isang kultura na nag-aatas sa pangongolekta ng mga materyal, makasaysayan at kultural na relikeya at pangangalap ng mga historikal at kultural na datos sa bansa. Samakatuwid, ang kasalukuyang pananaliksik ay malaking tulong sa pagtutupad sa Batas Republika 4846 na nagsasaad na pangalagaan at panatilihin ang ari-ariang pangkultura.

Binanggit ni Emmpty (2017) na mahalaga ang kultura sa pananaliksik sapagkat ito ang tumutukoy sa mga kaugalian at paniniwala na nakasanayan ng isang grupo, ang

pangkulturang pananaliksik ay isang serye ng mga pagpapahalaga, paniniwala at mga paninindigan sa buhay. Sinabi naman ni Hudson (1980) na binanggit sa aklat ni Hufana (2018) ang kultura ay socially achieved pattern na nakukuha sa mga kasamahan na nasa paligid lamang. Ang kultura na sumasalamin sa mga paniniwala, pagpapahalaga at mga prinsipyo na masasalamin sa ating mga kaugalian.

Sa pamamagitan ng saliksik na ginawa, nababatid ng indibidwal na ang sariling tradisyon ay isa sa mga ginagamit ng mga ninuno sa paghubog bilang mamamayan ng bansa. Ang pag-usbong ng makabagong henerasyon ay nakapagbabago sa kultura ng pangkat-etniko dahil binibigyang pansin ang pagiging sosyalistang kabataan na hindi nagbabalik-tanaw sa pagdalumat ng sariling kultura. Makikita ang iskima ng saliksik sa ibaba.




Ang nasa itaas ay ang iskima ng pag-aaral. Makikita na ang pag-aaral ay nakapokus sa kultura ng mga Manuvu na ang paksa ay ang tanging uri ng pag-aasawa at ang proseso nito. Ganoon din, ang pag-aaral ay nakaakma din sa impluwensiya ng bagong panahon sa mga nakagawiang kultura ng mga Manuvu.

Kung kaya, ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa Saligang Batas ng Pilipinas na Artikulo XIV seksiyon 14-15 na naglalahad ukol sa pangangalaga, pagpapayaman, at dinamikong ebolusyon ng isang pambansang kulturang Pilipino salig sa simulaing pagkakaisa sa pagkakaiba-iba sa kaligirang malaya, artistiko at intelektwal na pagpapahayag at iba pang pamanang historikal at kultural na likha ng mga kayamanang batis artistiko ng bansa.

## Layunin ng Pag-aaral

Nilayon sa pananaliksik na mailahad at madalumat ang uri ng pag-aasawa ng mga Manuvu at maisatitik ang mga pamatbat mula sa bibig ng mga ninuno ng mga katutubo sa pamamagitan ng pagrerekord at pagtatranskrayb at pagsasalin sa wikang Filipino. Nilayon ding sagutin ang sumusunod na katanungan: 1. Ano ang natatanging uri ng pag-aasawa ng mga Manuvu?; 2. Ano-ano ang proseso sa uri ng pag-aasawa?; at 3. Ano ang impluwensiya ng bagong panahon sa uri ng pag-aasawa?

## Kaugnay na Literatura

Inilahad sa bahaging ito ang kaugnay na literatura na tungkol sa pag-aasawa at pagpapakasal. May ilang impormasyon lamang isinali sa bahaging ito ng saliksik.

## Sibil na Pagpapakasal

Ang sibil na pagpapakasal ay kasal na pinapahintulutan ng gobyerno sa isang bansa. Kaakibat ng sibil na kasal ay pagkakaroon ng mga legal na kasunduan, benepisyo at legal na proteksiyon sa mga ikinasal. Bawat bansa ay may sariling batas sa sibil na pagpapakasal. Ang sibil na pagkakasal ay maaaring gawin ng isang huwes o isang politiko gaya ng mayor. Ang opisyal na dokumentong nagpapatunay na sibil ng ikinasal ang mag-asawa ay tinatawag na sertipiko ng kasal o katibayan ng kasal.

## Relihiyosong Pagpapakasal

Ang relihiyosong pagpapakasal ay kasunduan sa relihiyon ang pagpapakasal na ginagawa pagkatapos o bago o kasabay

ng sibil na pagpakasal o *civil marriage*. Ang bawat relihiyon ay may sariling paniniwala at may iba ring kinakagawian sa pagsasagawa sa seremonya ng kasal. Sa katoliko, ang katolikong pagkakasal ay ginagawa ng isang pari, at rabbi naman sa Hudaismo, at Wiccano sa Wicca.

**Diborsiyo o Pagpapawalang Bisa ng Kasal**

Kung ang mag-asawa ay nagnais maghiwalay, ang sibil na pagpapakasal ay pwedeng ipawalang-bisa sa pamamagitan ng diborsiyo. Ang karaniwang dahilan ng paghihiwalay ay hindi pagkakasunduan, pangangalunya, emosyonal at sikolohikal na pang-aabuso, pagkabagot, at pagkasawa sa asawa.

**Kaugnay na Pag-aaral**

Inilalahad naman sa bahaging ito ang mga kaugnay na impormasyon na mula rin sa masusing pag-aaral ng mga mananaliksik.

**Ang Pag-aasawa sa Kulturang Mangyan Alangan at Iraya**

Ang bawat tribung Mangyan ay may sariling kultura sa pag-aasawa tulad ng tribung Alangan. Maliit pa lamang ang anak na babae ay mayroon nang nakatakdang mapangasawa kahit matanda ang lalaki. Tinawag nila itong dugayan. May proseso ang pagkakasal sa tribung Mangyan. Sa unang araw ng pagtulog ng mga ikakasal, sila ay matutulog sa bahay ng babae ngunit mayroon silang kasama na isang babae na pinsan ng ikakasal na babae at ito ay kailangang nakatabi rin sa ikakasal na babae, at ang lalaking kasama ay kailangang pinsan din ng ikakasal na lalaki at nakatabi rin ito sa ikakasal na lalaki. Ang ikalawang araw ng kasal ay ang ikakasal na lamang ang magkatabi sa higaan, at sa pangatlong araw sila ay lilipat na sa bahay ng magulang ng lalaki upang doon uli matulog hanggang sa prosesong iyan sila ay magiging tunay ng mag-asawa.

Samantala, ang mga Mangyan Iraya ay magtatakda ng araw para sa pagbabasbas ng mga kuyay o basbas ng mga matatanda at mga magulang na kailangang ipagbigay alam sa kanilang Apo Iraya o Panginoong Diyos. Kapag natapos na ang pagbabasbas, kailangan nilang matulog gabi-gabi sa bahay ng kamag-anak ng babae at ng lalaki. Kung ang lahat nga bahay ay natulugan na, sila ay ganap nang mag-asawa. Ngunit sa panahong ito ang kulturang ito ay unti-unti nang nawawala dahil sa impluwensiya ng mga taga-patag. (21st Century Blog: 2010)

**Ang Usaping Pag-aasawa sa Tribu ng Pala'wan**

Sa usaping ito, ang pag-aasawa ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng pagkakasundo ng dalawang magulang ng mga bata upang ipag-isang-dibdib ang kanilang mga anak. Subalit sa pagbabago ng panahon ay unti-unti nang nababago kung saan karamihan ay nasusunod na rin ang napupusuan ng mga bata. Sa pagkakasundo ng mga magulang, ang magulang ng isang binata ay mamamasyal sa tahanan ng gustong maging manugang nito upang makipagkuwentuhan o maaaring sasabihin agad ang sadya kung bakit nandoon sila dahil nais nilang paabotan ang dalaga para sa kanilang anak.

Ang mga magulang ay mag-uusap kung tatanggapin ang sadyang panliligaw. Maaaring tatanungin pa ang babae kung papayag o handa na bang magkaroon ng pamilya. Maaari ring hindi na tatanungin ang babae lalo na't kung gustong-gusto rin ng mga magulang ng mga babae ang binata at ang pamilya nito. Kung ang pakay ng namasyal ay maluwag na tinanggap ng pamilya, ang dalawang pamilya ay mag-uusap tungkol sa tunang o engagement ng kanilang anak. Ang *tunang* ay kinakailangang saksihan ng mga ilang

matatanda upang tetestigo sa binata at ang babae bilang opisyal na magkatipan. Dahil dito, hindi na pwedeng manligaw o ligawan ang mga ikakasal. Kung hindi sumusunod sa tradisyon, magkakaroon ng usapin sa hukuman ng mga katutubo at magbibigay ng kaukulang multa sa panloloko.

Sa *pagtutunang*, ang lalaki at magulang nito ay magbibigay ng ka*tunangan* tulad ng pulbos, pabango at iba pang simbolo ng pagtitipan ng kanilang anak. Sa gawaing ito, pag-uusapan ang mga kinakailangang ibigay ng lalaki sa babae tulad ng *beryan*, *katindalan*, *kasulagan*, at *sekat* upang maging ganap na mag-asawa ang dalawa. Ito ay maaaring ibibigay na lang sa araw ng kanilang bulon o kasal.

Ang *baryan* ay ang isang halaga ng salapi na ibibigay sa pamilya ng babae na kilala sa tawag na dowry. Ang *dowry* ay nakadepende sa hinihiling ng pamilya ng babae at sa ngayon ang ibang pamilya ng Tribung Pala'wan ay umaabot na sa halagang dalawampung libong piso. Ngunit ang pamilya naman ay hindi gaanong pinapahalagahan ang ganitong kalaki ng *baryan* at ang mahalaga ay mayroong maibibigay lang ang pamilya ng lalaki. Ang *katindalan* ay isang pagbibigay ng isang bagay tulad ng patadyong upang maging simbolo na ang lalaki ay pwede nang umakyat sa tahanan ng babae. Ang *kasulagan* naman ay ang pagbibigay ng isang lata o galon na gas na simbolo ng pampalit sa pinapailaw ng ina ng babae noong siya ay sanggol pa. Ang *sekat* ay isang kahilingan ng mga magulang ng mga babae o depende sa pamilya kung hihiling pa liban sa mga nabanggit sa itaas tulad ng pagbibigay ng isang baka o isang sakong malagkit o anumang bagay na hihilingin ng pamilya.

Ang kasalan ay may kanya-kanya na ring nasusunod lalo na kung ang pamilya ay pumasok na sa mga *sekat*. May mga tribu pa rin na patuloy na hindi pumapasok sa relihiyon na kung saan ang tradisyong pagkakasal pa rin ang ginaganap. Ang pagkakasal ay sinasaksihan ng mga matatanda o tinatawag nilang *Panglima* o Tribal Chieftain upang sila ay magsilbing saksi at testigo na ang mag-asawa ay ganap na magkaisang dibdib. Dito pinapaliwanag sa mga bata ang tungkulin ng isang may pamilya kung ano ang pagkakaiba ng may asawa na at wala pa. May iba't ibang klase ng kasalan sa tribu, minsan ang kinakasal ay tinutugtugan pa ng *basal* o tinatawag na *tarek* upang maging masaya ang manonod. Subalit sa modernong kamunduhan na umiiral sa ngayon ay sayawan na rin ang ginaganap ng ibang kinakasal at may mga handaan (Keyzone Blog, 2013).

Ang mga nabanggit pag-aaral ay tumpak na impormasyon na may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik.

## Metodolohiya

Inilahad sa bahaging ito ang disenyo ng pag-aaral, kaligiran ng pag-aaral, tagatugon ng pag-aaral, valideytor, paraan ng paglikom ng mga datos, at mga etikal na pagsaalang-alang.

### Disenyo ng pag-aaral

Ang indehinus at deskriptibong paraan ang ginamit na pananaliksik para sa pag-aanalisa, paglalahad at pagtalakay sa mga nakolektang datos. Samantalang indehinus na paraan naman ang ginamit na teknik sa tulong ng pag-iinterbyu o istraktyurd na interaksyong berbal sa mga miyembro ng komunidad ng mga Manuvu para sa pangangalap ng mga datos. Gumamit ng convenience sampling dahil pinili ang tribung Manuvu mula sa pitong pangkat na katutubo sa Bukidnon ang naging tagatugon. Ginamit ang etnohistorya ng mga datos pangkasaysayan at pang-

etnograpiya bilang pundasyon. Ang mga metodo at mga materyal na pangkasaysayan ay lumalampas sa pamantayang paggamit ng mga dokumento at mga manuskrito. Gayundin, ginamit ang Ethnographic na pagdulog na may deskriptibong palarawan at face to face na interbyu sa lahat ng napiling mga imformante.

Nilikom at tinipon ang lahat ng mga nakalap na datos. Pagkatapos, ito ay itinala, inirekord, isinatitik o itinatranskrayb sa wikang bernakular na Manuvu bago ang masusing pagsasalin sa wikang Filipino. Gaya ng dati, dumaan sa proseso ang mananaliksik sa Free Prior o and Informed Consent (FPIC) mula sa lugar na pinagkunan ng mga impormasyon.

**Kaligiran ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik ay ginawa mismo sa lugar ng Kitaotao, Bukidnon. Ang lugar ng Kitaotao ay may dalawang oras na biyahe mula sa lungsod Malaybalay, Bukidnon.

**Mga Impormante**

Ang kabisaan ng pananaliksik ay nakasalalay sa wastong pagpili ng mga impormanteng mapagkukunan ng datos dahil sila ang magbubukas ng bagong kaalaman, pananaw at katotohanan sa mga hindi malinaw na bagay hinggil sa paniniwala at kabihasnan ng tribu sa bansa. Mahalagang mamimili ng mga impormante at pagtatakda ng pamantayan ng target na impormante.

Naging basehan ang pamantayan ng mga impormante na (1) katutubong Manuvu at katutubong tagapagsalita ng wikang Minanuvu; (2) ipinanganak, lumaki at nananatiling nakatira sa pook ng pag-aaral; (3) may edad na 40 taong gulang pataas; (4) maalam sa kulturang Manuvu at aktibong nakikilahok sa mga mahalagang gawain ng tribu; at (5) naninirahan ng mahigit 20 taon sa komunidad.

**Ang Valideytor**

May malaking papel na ginagampanan ang mga valideytor sa lahat ng kultural o indihinung pananaliksik. Sa kanila nakasalalay ang katumpakan at pagiging balido sa lahat ng mga datos na ginagamit na may kinalaman sa ginawang pananaliksik. Upang masisigurong may kakayahan at otoridad sa pagvalideyt ng mga nakalap na impormasyong maitala, ang mananaliksik ay nagtakda ng krayterya sa pagpili ng valideytor.

Ang valideytor sa pananaliksik na ito ay isang katutubong Manuvu na kabilang sa angkan ng mga datu o royal clan, na may sapat na gulang na namulat sa nakasanayang kultura ng mga Manuvu ay naging saksi sa mga natatanging uri ng pag-aasawa ng mga Manuvu; ngunit ang valideytor din na ito ay nakapag-aral na sa kolehiyo at isang ganap na ministro ng simbahan.

**Paghingi ng Pahintulot**

Bilang mamamayang nagpapahalaga at may malaking respeto sa kapwa-Pilipino, dumaan at sumunod sa tamang proseso ang mga mananaliksik na Free Prior o and Informed Consent (FPIC) na nakasaad sa ilalim ng Indigenous People Rights Act o IPRA law mula sa lugar na pinagkunan ng mga impormasyon. Humingi din ng pahintulot ang mga mananaliksik sa Municipal Mayor ng Kitaotao, Bukidnon at sa NCIP Provincial Officer. Ang paghingi ang pahintulot sa tribal leader ng tribong Matigsalug kailangang gawin para sa seguridad ng mga taong gustong magsaliksik sa kanilang kultura at iba pa.

**Paraan ng Paglikom ng mga Datos**

Ang sumusunod ay mga paraan sa paglikom ng mga datos ng pananaliksik:

Una, ay ang paghingi ng pahintulot sa

tribu bilang isa sa kanilang patakaran bago isagawa ang pananaliksik. Tinatawag itong Free Prior and Informed Consent (FPIC) na nakasaad sa ilalim ng Indigenous Peoples Rights Act o IPRA law mula sa lugar na pinagkunan ng mga impormasyon. Ikalawa, nagkaroon ng ritwal sa pamayanan ng tribu bago isinagawa ang pananaliksik bilang paggalang sa mga espiritung tagatanod na pinaniniwalaan ng tribung Manuvu. Ikatlo, ay ang pagsisimula ng pormal na pakikipanayam sa datu ng tribung Manuvu. At ang panghuli, ay ang pagsatitik ng mga nairekord na panayam.

**Konsiderasyong Etikal**

Isinaalang-alang sa pananaliksik ang etikal na aspeto ng saliksik, ang kompidensyal ng mga datos, pahintulot, at proteksyon ng mga tagatugon sa kasalukuyang pananaliksik. Ang paglahok ng datu sa tribung Manuvu bilang tagatugon ay ayon sa kaniyang kagustuhan. Hindi pinilit ang datu sa kanyang paglahok sa pananaliksik upang masagot ang mga tanong na nakalahad sa pananaliksik. Kusang-loob sa datu na pinahintulutan ang mananaliksik na kumuha ng impormasyong kailangan lamang sa pananaliksik na maaaring itala, isulat, at irekord ng mga kasama ng mananaliksik. Ang mga nakuhang impormasyon at datos ay walang pagkakabit ng pangalan ng kalahok bilang pagkakilanlan na itinuring na lihim, kumpidensyal at walang pagkilala sa impormasyon ang ginamit sa anumang nakasulat na ulat na nagreresulta sa pananaliksik. Ang mga mananaliksik ay nakikipag-ugnayan lamang sa mga datu na siyang tagapanayam sa pananaliksik. Ang mga sagot ng datu sa mga tanong ng pananaliksik ay inirekord sa pamamagitan ng teyp rekorder o video na nakaligpit sa mga mananaliksik. Ang anumang natukoy na impormasyong nakuha na may kaugnayan sa pananaliksik ay mananatiling pribado. Kung ang resulta ng pananaliksik ay ililimbag o tatalakayin sa mga kumperensya, walang tukoy na impormasyon ang gagamitin. Pananatilihin ng mga mananaliksik ang pagligpit ng mga impormasyong mula sa mga datu na lumahok sa panayam alinsunod sa batas at napagkasunduan.

**Resulta ng Pananaliksik**

Inilahad sa bahaging ito ang mga sagot sa nailahad na suliranin. Isinaayos ito na patalata ang sagot sa bawat tanong.

Ang unang tanong ay nagsasaad na ano ang natatanging uri ng pag-aasawa ng mga Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon?

**Ang Uri ng Pag-aasawa ng mga Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon**

Ang natatanging uri ng pag-aasawa ng Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon ay *rambeng*. Ang kasal sa Manuvu ay kadalasang isang kasunduan sa pagitan ng mga magulang. Ito ay nagsisimula sa *ginsa* o pakiusap ng pamilya ng babae sa pamilya ng lalaki kung saan ito ay magalang na tinatanggihan hanggang magkaroon ng kasunduan para sa *kagun* o bridewealth. Lahat ng kamag-anak ng lalaki ay mag-aambagan para sa *kagun* hanggang sa maabot ang halaga nito. Ang araw ng kasal ay maitatakda lamang kung matapos nang maabot ang halaga ng *kagun*. Habang nag-aambagan ang pamilya ng lalaki, ang pamilya ng babae naman ay abala sa paghahanda ng *apa* o handaan para sa kasal. Nagtatapos ang proseso sa isang marangyang kasalan. Ang kasal sa katutubong Manuvu ay isang sistema kung saan ang ugnayan ng pamilya ng lalaki at babae ay kinakailangan. Ang pagkakaroon ng maraming asawa, bagama't kadalasan lang kung mangyari ay hindi ipinagbabawal.

Ang sagot sa unang suliranin ay inihayag ng datu na *rambeng* ang tawag sa pag-aasawa ng mga katutubong Manuvu at ito ay may mga proseso. Magkatulad din

na maliit pa lamang ang anak na babae ay mayroon nang nakatakdang mapangasawa. Malalahat na ang bawat pangkat etniko ay may sariling kultura ng pag-aasawa at may sariling proseso sa pagsasagawa nito.

## Proseso ng Pag-aasawa ng mga Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon

Inilahad naman sa bahaging ito ang proseso ng pag-aasawa ng mga Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon. Matutunghayan sa Talahanayan 1 ang proseso ng pag-aasawa ng tribung Manuvu.

**Talahanayan 1**

*Ang Proseso ng Pag-aasawa ng mga Manuvu*

| Proseso Bilang | Katawagan ng Proseso | Kahulugan |
|---|---|---|
| 1 | Ginsa o Pakiusap | Sa bahaging ito nakikiusap ang lalaki sa mga magulang ng bata para sa reserbasyon upang walang sino man ang pwedeng umangkin sa bata na nasa sinapupunan ng ina. Ang lalaki ay magbigay bahandi gaya ng tela, pera, kalabaw o kabayo, at itak bilang ginsa o pakiusap. |
| 2 | Kagun o brideswealth | Kapag ang bata ay nasa sampung taong gulang na ay muling magbibigay ng karagdagang *dowry* ang lalaki ayon sa hinihingi ng mga magulang bago sila ikasal. |
| 3 | Apa | Dadalhin ng lalaki ang bata na nasa sampung taong gulang pa at siya na ang mag-aalaga nito hanggang sa maging ganap na ito na babae at pwede nang angkinin ng lalaki bilang kanyang tunay na asawa. |

Ayon sa datu, ang *rambeng* bilang natatanging uri ng pag-aasawa ng tribung Manuvu ay may sinusunod na proceso. Una, kapag isinilang ang isang batang babae at may gustong umangkin sa kanya na maging asawa, ang lalaki ay maglalagay ng paunang dowry bilang reserbasyon na tinatawag na *ginsa* upang walang sino man ang pwedeng umangkin sa bata pagdating ng tamang panahon. Ang lalaki ay magbigay ng *bahandi* gaya ng tela, pera, kalabaw o kabayo, at *itak* bilang *ginsa*.

Ikalawa, kapag ang bata ay nasa sampung taong gulang na ay muling magbibigay ng karagdagang dowry ang lalaki ayon sa hinihingi ng mga magulang bago sila ikasal.

Ikatlo, pagkatapos ng kasal, dadalhin ng lalaki ang bata na nasa sampung taong gulang pa at siya na ang mag-aalaga nito hanggang sa maging ganap na ito na babae at pwede nang angkinin ng lalaki bilang kanyang tunay na asawa (J. Cuyam, personal communication, September 15, 2018).

Dagdag pa ni Cuyam, "ang sino mang mangahas na lalaki na maging asawa ng bata pagkatapos magbigay ng paunang dowry ay maaaring patayin ng naunang lalaki o kaya'y magkakaroon ng gulo sa tribu. Ngunit, mababago lamang ang marahas na kahahantungan ng ikalawang lalaki kung mayroong positibong bunga ang pag-uusap ng magkabilang panig" (J. Cuyam, personal communication, September 15, 2018). Kung kaya, kapag ang naunang lalaki ay tinanggap ang kagustuhan ng ikalawang lalaki sa kaniyang layunin na mapangasawa ang batang babae, ang maaari niyang gawin ay ang magbayad ng doble sa naunang lalaki sa kaniyang mga nagastos mula nang isinilang ang batang babae.

Mapapansin na malinaw na malinaw ang proseso ng pag-aasawa ng katutubong Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon, bagama't maaaring sabihin na masasalamin sa kultura ang tradisyon at paniniwala ng

isang pangkat-etniko na maaaring katulad sa kultura ng pag-aasawa ng ibang pangkat-etniko. Malinaw din na may kaparusahan ang bawat kasapi ng tribu kung hindi sumusunod sa sariling proseso at tradisyon. Kung ganoon, may mga patunay na may kaparusahan sa isang samahan ang hindi pagsunod sa batas, paniniwala, at norms sa bawat tribu, samahan, at organisasyon.

**Impluwensiya ng Makabagong Proseso ng Pag-aasawa**

Ang kasalukuyang saliksik ay nakapokus sa isa sa mga natatanging pag-aasawa ng tribung Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon dahil may mga natatangi silang paraan ng pag-aasawa at isa ang *rambeng*. Malaki ang impluwensya ng makabagong panahon sa tradisyunal na pag-aasawa ng mga Manuvu. Nang makapag-aral na ang mga katutubo ay namulat sila sa makabagong paraan ng pag-aasawa lalo na sa mga batas na ipinatupad para sa kababaihan at kabataan (VAWC) na hindi na pwedeng pilitin kung ayaw nila. Ibig sabihin lamang na kahit mayroong katutubong batas ang kanilang kinalakhan, hindi maari na balewalain ang mas nakatataas na konstitusyon. Unti-unti nang nawawala sa kamalayan ng mga bagong sibol sa kadahilanang hindi na ito tinatanggap ng bagong henerasyon lalo na sa mga katutubong nakapag-aral na at namulat sa makabagong paraan ng pag-aasawa. May alam na rin sila sa batas hinggil sa mga karapatan ng mga kabataan.

Gayundin, naimpluwensyahan na rin ang tribung Manuvu sa makabagong paraan ng pag-aasawa na kanilang nakikita sa lipunan maging sa sosyal medya at mga teleseryeng kanilang pinapanood, kaya unti-unti na itong nabaon sa limot ang tunay na tanging kultura ng pag-aasawa ng mga Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon. May iilan na lamang sa mga katutubo ang sumusunod sa ganitong kaugalian.

**Panglalahat**

Mula sa resulta ng pagsusuri ay nalalahat na may sariling katawagan ang pag-aasawa ng tribung Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon na tinatawag na *rambeng*. Mula sa anim na uri ng pag-aasawa ng mga Manuvu, ang *rambeng* ay isa at pinakaunang natatanging uri ng pag-aasawa na nakasanayan na ng mga Manuvu. Unti-unting nawawala ayon sa pahayag ng impormante na datu at ng valideytor na nakasaksi sa unang uri ng pag-aasawa ng mga Manuvu. Nalalahat din ang kakaibang pamamaraan ng pag-aasawa sa tribung Manuvu ay maaaring susundin o nakadepende sa pag-uusap ng mga sangkot sa pag-aasawa sapagkat nasa bawat katutubo na ang desisyon sa pagsunod ng nabanggit na tradisyon at kanilang paniniwala. Gayunpaman, bunga ng modernisasyon, nalalahat din na may malaking impluwensiya ang pagbabago ng panahon sapagkat ang sistema ng pagpapakasal ng tribung Manuvu sa Kitaotao, Bukidnon ay nawawala na at ilan na lamang ang sumusunod nito.

**Rekomendasyon**

Mula sa kongklusyong nabuo, ang sumusunod ay maimungkahi ng mga mananaliksik:

1. Gawan ng pag-aaral ang pagsalarawan at pagsadokyumento ng mga tanging kultura ng pag-aasawa ng mga Manuvu;
2. Karapat-dapat na isatitik, isapanitikan, at isasaaklat ang kulturang natatangi ng mga katutubong Manuvu sa Bukidnon nang sa ganoon ay mapapanatili itong buhay at tunay na maibahagi sa kasunod na mamumuno sa naturang tribu.
3. Buuin ang anyong panitikan ukol sa kultura ng pag-aasawa ng mga Manuvu at isasamang ituturo sa mga asignatura

na may kinalaman sa wika at kultura.

4. At ang huli, gawan ng pagbabantayog ng wikang Manuvu sa probinsiya nang Bukidnon nang sa ganoon ay hindi mawawala ang orihinal na katutubong wika ng mga Manuvu sa Bukidnon.

**Mga Sanggunian**


Acosta, P. (2020). *Karapatan at obligasyon ng mag-asawa*. https://www.bulgaronline.com/ppost/karapatan-at-obligasyon-ng-mag-asawa

Afsaruddin, M. (1990) *Society and culture in Bangladesh*. Book House.

Alam, A. Z. M. (1995). *Family values*. Bangladesh Cooperative Society Limited.

Carlos, B. (2018). *Ano ang kultura? Kahulugan | Elemento | Kahalagahan*. https://www.pinoynewbie.com/ano-ang-kahulugan-kultura-elemento-

Cavallaro, F., & Rahman, T. (2009). *The santals of Bangladesh*. https://www.researchgate.net/publication/330281849_

Charsley K., & Benson, M. (2012). Marriages of convenience, and inconvenient marriages: Regulating spousal migration to Britain. *Journal of Immigration, Asylum and Nationality Law*, *26* (1).

Ebido, C. (2019). *Materyal at di-materyal na kultura ng tribong dulangan Manobo*. [Di-limbag na tesis, Sultan Kudarat State University, Kalamansig Campus].

Emmpty. (2017). https://brainly.ph/question/842114

Falceso, J. (2017). *Ang kultura ng pag-aasawa sa Pilipinas*. https://prezi.com/p/digzh1wxa2sm/kultura-ng-pag-aasawa/

Ghaz, S. (2019). *Ano ang panitikan– Kahulugan ng panitikan at mga halimbawa nito*. Categories Educational.

Hanover Research. (2014). *Building a culture of research: Recommended practices*. https://www.hanoverresearch.com/media/Building-a-Culture-of-Research-Recommended-Practices.pdf

Hufana, N. L. (2018). *Wika, kultura at lipunang Pilipino*. Departamentong Filipino at iba pang wika. MSU-IIT.

Hudson & Hufana, N. L. (2018). *Wika, kultura at lipunang Pilipino*. Departamentong Filipino at iba pang wika. MSU-IIT.

Jeremaya, G. (2017). *Ang kalimitang dahilan kaya nag-aasawa*. https://philippineone.com/ang-kalimitang-dahilan-kaya-nag-aasawa/

Keyzone Blog. (2013). Ang usaping pag-aasawa sa tribu ng Pala'wan (Keyzone Blog: 2013) mula sa https://keyzoneblog.blogspot.com/2014/02/usaping-pag-aasawa-sa-tribu-ng-palawan.html

Manobo Tribe. (2008). *Ang tribo ng Manobo*. https://manobotribe.blogspot.com/2008/07/maniniwala-ba-kayo-kung-sa-pagbabasa-ng.html.

Mindoro 21st Century. (2010). *Ang pag-aasawa sa kulturang Mangyan Alangan at Iraya* (21st Century Blog: 2010). https://21stcenturyassociationblog.blogspot.com/2010/07/ang-pag-aasawa

Uddin, M.E. (2006). *Family structure in a village of Bangladesh: A cross-cultural study*. [Unpublished Ph. D. Thesis, the Institute of Bangladesh Studies, Rajshahi: Rajshahi University].

Vancio, J. (1980). The realities of marriage of urban Filipino women. *Philippine Studies*.

Republic Act No. 4846. (1966). An act to repeal act numbered thirty-eight hundred seventy four, and to provide for the protection and preservation of Philippine cultural properties. Congress. 6th Congress of the Republic.

FRJ. (2020). *43,000 OFWs, nakauwi na sa kanilang mga probinsiya, ayon sa OWWA; 16,000 pa ang darating*. GMA News.